Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION VIII
NORTHERN SAMAR DIVISION

Agosto 4, 2025

PANSANGAY NA MEMORANDUM
Blg. 248, s. 2025

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025**

Sa mga: Pinuno ng CID at SGOD
Tagamasid Pampurok
Pinuno at Namumuno ng Paaralan
Tagapagtaguyod Ng Filipino
Mga iba pang Kinauukulan

1. Alinsunod sa Proklamasyong Blg. 1041, s. 1997 na nagtatakda sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31, ang Sangay ng Hilagang Samar ay nakikiisa sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pagdiriwang na ito. Ang tema sa taong ito ay, ***"Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa."***

2. Layunin ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025 ang sumusunod:
   - 2.1 ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   - 2.2 maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika bilang instrumento sa pagkakaisa ng bansa;
   - 2.3 mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makikiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   - 2.4 maganyak ang mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   - 2.5 magamit ang Wikang Filipino sa paglinang ng literasi at pagpapaunlad ng kakayahang komunikatibo.

3. Inaatasan din ang mga paaralan na ang mga Gawain ay nakaangkla sa mga kompetensi *(competency-based)* na isasagawa sa loob ng klase at inaasahang ito ay isasanib sa mga gawaing pang silid-aralan *(classroom-based)* na angkop sa pagtuturo na may kaugnayan sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

4. Ang lahat ng mga kawani at guro ng Kagawaran ng Edukasyon sa lahat ng antas at pribadong paaralan ay hinihimok na magsuot ng **"Kasuotang Pilipino"** sa tuwing araw ng Lunes at gamitin ang Wikang Filipino at Katutubong Wika sa pakikipagtalastasan at opisyal na komunikasyong korespondensiya sa buong buwan bilang pagpapahalaga sa Wika at Kulturang Pilipino.

5. Bilang pakikiisa sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025 ang Kagawaran ng Edukasyon,Sangay ng Hilagang Samar ay hinihikayat ang lahat ng paaralan na isakatuparan ang pagbubukas ng pagdiriwang sa pamamagitan ng maikling programa.

6. Ang mga paligsahan, pamunuan,at tagapagdaloy ng mga Gawain sa Pansangay na pagdiriwang sa darating na Agosto 25-26, 2025 na ga-ganapin sa Bulwagan ng mga Guro, ay nakasaad sa kalakip na Blg.2.

7. Magkakaroon muna ng patimpalak ang bawat munisipyo na kung saan pangungunahan ito ng mga Paaralang Sentral sa Agosto 14-15, 2025. Ang mga nanalong kalahok sa bawat munisipyo ay siyang magiging kinatawan sa Pansangay na Patimpalak.

8. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa kautusan na hindi makaabala sa regular na klase.

9. Ang mga gastusing nauukol sa pagsasagawa ng nasabing gawain, kabilang ang paglalakbay at iba pang kaugnay na gastusin ng mga kalahok, ay ilalaan mula sa lokal na pondo alinsunod sa itinakdang mga alituntunin at regulasyon sa pagtatala at pagsusuri ng pananalapi.

10. Ang memorandum na ito ay magsisilbing opisyal na pahintulot sa Paglalakbay ng mga kalahok.

11. Para sa gabay, pagsunod ng lahat ng kinauukulan at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

**GAUDENCIO C. ALJIBE, JR., PhD, DHum, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

DepEd Northern Samar
RELEASED
By:
Date: AUG 04 2025

***Kalakip blg.2***

| ***Petsa*** | ***Paligsahan?Gawain*** | ***Mga Tagapadaloy*** | ***Lupon ng Inampalan*** |
|---|---|---|---|
| ***Agosto 25*** | *PAGBABAYBAY IKATLONG BAITANG AT IKAPITONG BAITANG* | 1. MARIBEL BALLETA<br>2.RHINA D. CHAN<br>3. MARILOU DELORINO<br>4. CHRISTIAN TURLA<br>5. MILEN ESTERIA<br>6. JOHN MICHAEL BALUYOT | 1. MARIBEL BALLETA<br>2.RHINA D. CHAN<br>3. MARILOU DELORINO<br>4. CHRISTIAN TURLA<br>5.MILEN ESTERIA<br>6. JOHN MICHAEL BALUYOT |
| | *PAGKUKUWENTO IKALIMANG BAITANG* | 1. MA. CARMELA OLCHONDRA<br>2. AIRES V. ABAÑO<br>3. MAY JOYCE LABANERO | 1.MARISA A. GALLANO<br>2.ANTHONY RUBENECIA<br>3.IANZANDRO DONCILLO |
| | *TAGISAN NG TALINO IKAANIM AT IKA SIYAM NA BAITANG* | 1.WILMAR SUMALISID<br>2. EDUARDO MACAYANG<br>3. EDD VINCENT TORTOLES<br>4. MARISA GALLANO<br>5. ADRIAN SORIO<br>6. VICKY RANCE CATUBIG | *1. WILMAR SUMALISID*<br>*2. EDUARDO MACAYANG*<br>*3. EDD VINCENT TORTOLES*<br>*4. MARISA GALLANO*<br>*5. ADRIAN SORIO*<br>*6. VICKY RANCE CATUBIG* |
| | *BIGLAANG TALUMPATI IKASAMPUNG BAITANG* | 1. NILO AÑONUEVO<br>2. MILEN ESTERIA<br>3. IAN ZANDRO DONCILLO | *1.JOCELYN HERRERA*<br>*2. CRISTINA GIRAY*<br>*3. MARIETTA VILLAS*<br>*4. MILEN ESTERIA* |
| ***Agosto 26*** | *PAG GAWA NG VLOG BAITANG 12* | 1.EDUARDO MACAYAYONG<br>2.EDD VINCENT TORTOLES<br>3. WILMAR SUMALISID | *1. EDD VINCENT TORTOLES*<br>*2. WILMAR SUMALISID*<br>*3. EDUARDO MACAYAYONG* |
| *Tagapamahala ng mga Gawain:*<br>*CHRISTIAN TURLA*<br>*JOHN MICHAEL BALUYOT* | | *VICKY RANCE CATUBIG*<br>*MAY JOYCE LABANERO* | *. NILO AÑONUEVO*<br>*AIRES ABAÑO* |

| *Biglaang Talumpati (Ika-10 Baitang)* | | Pagkukuwento (Ika-5 Baitang) | | *Pagbuo ng Vlog (Baitang 12)* | |
|---|---|---|---|---|---|
| *Kriterya* | *Puntos* | Kriterya | Puntos | *Kriterya* | *Puntos* |
| *Nilalaman at lohika ng talumpati* | *35* | Nilalamaan at mensahe | 30 | *Nilalaman at mensahe* | *30* |
| *Wika at kaayusan* | *25* | Organisasyon ng kuwento | 25 | *Orihinalidad at pagiging makabuluha* | *25* |
| *Kaangkupan sa paksa* | *20* | Wika at estilo | 20 | *Wika, tono, at pahayag* | *20* |
| *Kumpiyansa at ekspresyon* | *20* | Ekspresyon at damdamin | 15 | *Teknikal na kalidad ng vlog* | *15* |
| *Kabuuan* | *100* | Kabuuang Pagganap | 10 | *Apela sa madla at kabuuang dating* | *10* |
| | | Kabuuan | 100 | *Kabuuan* | *100* |


Address: Mabini St., Brgy. Acacia, Catarman, 6400, Northern Samar
Telephone Nos: (055) 500 1020
Email Address: northernsamar@deped.gov.ph
Division Official Website: https://northernsamar.deped.gov.ph